

7 katotohanan na kailangan mong malaman tungkol sa mga bakuna sa COVID-19



Katotohanan #1 Ang mga bakuna sa COVID-19 ay hindi magbibigay sa iyo ng COVID-19.

Ang mga bakuna sa COVID-19 ay walang nilalaman na bahagi ng virus, kaya't hindi ito maaaring maging sanhi upang magkaroon ka ng COVID-19. Pinoprotektahan ka ng mga bakuna sa COVID-19 mula sa virus. Maaari kang makakuha ng pangalawang epekto pagkatapos mong mabakunahan, tulad ng masakit na braso o lagnat. Ang mga ito ay normal at karaniwan.



Katotohanan #2 Ang mga bakuna sa COVID-19 ay ligtas, kahit mabilis itong nagawa.

Walang mga hakbang na nalampasan sa pagbuo ng mga bakuna sa COVID-19. Ang mga dalubhasa sa buong mundo ay kumikilos sa teknolohiyang ito nang mahigit sa isang dekada. Dahil dito kaya posibleng makagawa ng magagamit na ligtas at mabisang bakuna nang napakabilis.



Katotohanan #3 Maaari kang maprotektahan ng mga bakuna sa COVID-19 laban sa higit sa isang strain ng virus.

Nagbabago ang mga virus, o nagkakaroon ng maliit na mga mutasyon, sa paglipas ng panahon. Ipinapakita ng datos na ang mga bakuna sa COVID-19 ay epektibo laban sa mga strain ng virus na aming nakita sa ngayon na nagiging sanhi ng COVID-19.



Katotohanan #4 Hindi babaguhin ng mga bakuna sa COVID-19 ang iyong DNA.

Ang mga bakuna sa COVID-19 ay mga bakuna sa mRNA at hindi hahalo sa iyong DNA sa anumang pamamaraan. Inuudyukan nito na tumugon ang imyuno na lumilikha ng antibodies upang maprotektahan ka mula sa pagkakaroon ng impeksyon sa COVID-19.



Katotohanan #5 Ang mga bakuna sa COVID-19 ay hindi naiuugnay sa pagkabaog o pagkalaglag ng bata sa sinapupunan.

Ang COVID-19 ay hindi nagiging sanhi ng pagkabaog ng kababaihan na nagkaroon ng virus, kaya't walang dahilan upang isipin na ang bakuna ang magiging sanhi nito. Mayroong ilang impormasyon na kumakalat sa online na **hindi totoo**; na nagsasabing inaatake ng protina sa bakuna ang protina na nasa inunan. **Hindi ito totoo.** Ang maliit na bilang ng mga amino acid sa dalawang protina ay hindi magdudulot ng epektong iyon. Ang mga bakuna sa COVID-19 ay hindi pa nasusubukan sa mga buntis, ngunit ang mga buntis na kababaihan ay nabakunahan na para sa iba pang mga sakit sa panahon ng kanilang pagbubuntis. Ang mga buntis na kababaihan ay mayroong mas mataas na peligro ng karamdaman mula sa COVID-19 at mayroong pagkakataon na maisalin ang COVID-19 sa iyong sanggol pagkatapos na siya ay maipanganak. Kausapin ang iyong doktor upang makita kung dapat kang magpabakuna.



Katotohanan #6 Ang mga bakuna sa COVID-19 ay walang mga microchip o tracking device.

Ang maling impormasyon na ang mga bakuna sa COVID-19 ay naglalaman ng mga microchip o tracking device **ay napatunayan na hindi totoo.** Alam namin kung ano ang eksaktong nasa bawat bakuna. Ang listahan ng mga sangkap sa bawat bakuna ay matatagpuan [sa online](#)



Katotohanan #7 Ang mga taong mayroong mga malalang karamdaman o kondisyon ay dapat na mabakunahan kung oras na para ikaw ay magpabakuna.

Kung mayroon kang malalang sakit, tulad ng dyabetis, mas mataas ang peligro na magkaroon ka ng malubhang karamdaman mula sa COVID-19. Ang mga bakuna sa COVID-19 ay ligtas at epektibo para sa mga tao na mayroong malalang sakit o kondisyon.